Hunyo 26, 2020
(Binago noong Oktubre 7, 2022)
Immigration Services Agency of Japan

**Para sa mga permanent resident na nahihirapang makabalik sa Japan sa loob ng validity period ng re-entry permission dahil sa epekto ng novel coronavirus (COVID-19)**

Ang mga permanent resident na nahihirapang makabalik sa Japan sa loob ng validity period ng re-entry permission o special re-entry permission dahil sa epekto ng novel coronavirus (COVID-19) ay maaring muling makapasok sa pamamagitan ng mga sumusunod na pamamaraan (*1). Kaya mangyaring kumonsulta sa Embassy of Japan o sa Consulate General ng kung saan ka nananatili.

[1] Kung ang validity period ng iyong re-entry permission ay nag-expire na o nahihirapan kang makabalik sa loob ng validity period

Maaring ma-extend ang validity period ng iyong re-entry permission sa Embassy of Japan o sa Consulate General kung saan ka nananatili.

[ Ang pinakamahabang panahong puwedeng i-extend ay isang taon mula sa expiration date ng validity period. ]

Kung ang validity period ng re-entry permission ay na-extend, mangyaring bumalik sa Japan sa loob ng bagong validity period. Kung hindi mo naipa-extend ito, mangyaring makapasok sa pamamagitan ng pamamaraang [2].

[2] Kung ang validity period ng special re-entry permission ay nag-expire (Kasama ang kaso kung saan hindi magawa ang pamamaraang [1]).

[ Naaangkop dito ang mga dayuhang nasyonal na ang re-entry permission o special re-entry permission ay nakatakdang mag-expire sa pagitan ng Enero 1, 2020 at Abril 30, 2023. ]

Mangyaring mag-aplay para sa “Long-Term Resident” visa sa Embassy of Japan o Consulate General kung saan ka nananatili nang

hindi lalampas sa Abril 30, 2023.

Kapag na-isyu ang visa, maaari mong gawin ang mga kinakailangang hakbang upang makapasok na muli sa Japan bilang “Permanent Resident” sa iyong pagdating sa airport sa Japan.

*1 Mangyaring tingnan ang website ng Ministry of Foreign Affairs sa ibaba para sa mga dokumentong kinakailangan para sa proseso ng [1] at [2].
https://www.mofa.go.jp/about/emb_cons/mofaserv.html (bubukas ang website ng Ministry of Foreign Affairs.)

*2 Kapag ang isang dayuhang nasyonal na naaangkop sa panukalang ito ay hindi sumailalim sa panukalang ito at pumasok sa Japan ayon sa (1) o (2) sa ibaba sa pamamagitan ng katayuan ng pananatili na hindi “Permanent Resident”, at kapag nag-aplay ang dayuhang nasyonal para sa Permanent Residence Permit sa loob ng anim na buwan matapos pumasok sa Japan, ang aplikante ay susuriin batay sa isinumiteng Application for Permanent Residence, Petisyon (hiwalay na papel na sangguniang format 1), at isang kopya (xerox copy) ng dating Residence Card. (Kung kinakailangan, maaaring hilingin na magsumite ka ng iba pang mga dokumeto.)

(1) Kung ang dayuhang nasyonal ay pumasok sa Japan na may katayuan ng pananatili na hindi “Permanent Resident” sa loob ng validity period ng visa na inaplayan hanggang Oktubre 31, 2023

(2) Kung ang dayuhang nasyonal ay pumasok sa Japan nang hindi lalampas sa Oktubre 31, 2023 nang walang visa at may katayuan ng pananatili na hindi “Permanent Resident”

Gayunpaman, mangyaring tandaan na ang bawat aplikante ay kailangang magbayad ng 8,000 yen upang makakuha ng Permanent Residence Permit pagkatapos pumasok sa Japan.

Mangyari ring tandaan na kapag nag-aplay ka para sa Permanent Residence Permit pagkatapos lumipas ang anim na buwan mula sa pagpasok mo sa Japan, kakailanganin mong magsumite ng mga patunay na dokumento tulad ng karaniwang pag-aaplay sa Permanent Residence Permit.

Ang mga dayuhang nasyonal na magiging mid- hanggang long-term resident sa pagtanggap ng Permanent Residence Permit ay kinakailangang magbigay-alam ng kaniyang titirahan sa munisipalidad ng kaniyang lugar pagkatapos mabigyan ng Permanent Residence Permit.